



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 39 Serye 2020

KAUTUSANG NAGPAPATIBAY SA MGA PANUNTUNAN PARA SA PAGPAPATULOY NG PAGPAPATUPAD NG "GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (GCQ)" SA BAYAN NG BULAKAN MULA IKA-1 HANGGANG IKA-30 NG SETYEMBRE, 2020.

SAPAGKAT, sa bisa ng Proclamation No. 929 ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang bansang Pilipinas ay sumailalim sa State of Calamity dahil sa banta ng 2019 Novel Coronavirus;

SAPAGKAT, alinsunod sa deklarasyon ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases, ang lalawigan ng Bulacan ay muling isinailalim sa klasipikasyon bilang General Community Quarantine mula ika-1 hanggang ika-30 ng Setyembre, 2020 ngayong nasa panahon ng pandemyang COVID-19;

SAPAGKAT, batay sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ng Pilipinas, marapat masiguro at suportahan ng mga pamahalaang lokal ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mamamayan bilang bahagi ng pangkalahatang kapakanan ng kanilang nasasakupan;

SAPAGKAT, alinsunod pa rin sa Seksyon 444, (2), (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ang Punong Ehekutibo ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

SA MAKATUWID, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bulakan, Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob ng mga umiiral na Batas, ay ipinag-uutos ang pagpapatuloy ng pagpapatupad ng General Community Quarantine sa Bayan ng Bulacan, mula ika-1 hanggang ika-30 ng Setyembre, 2020 at ang mga sumusunod na panuntunan ang patuloy na tutupdin:

TUNTUNIN 1. PANGKALAHATANG PANUNTUNAN PARA SA GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (GCQ):

Partikular	GCQ
PATUNGKOL SA PAGLABAS NG TAHANAN:	
Essential Workers / Frontliners/ APOR	Pinapayagan
Non-essential Workers	Pinapayagan
May edad 20 pababa at 60 pataas <i>Except: Emergency Cases</i>	Hindi Pinapayagan
Mayroong IMMUNODEFICIENCY, COMMORBIDITY at iba pang kondisyong pangkalusugan <i>Except: Emergency Cases</i>	Hindi Pinapayagan
Mga buntis <i>Except: Emergency Cases</i>	Hindi Pinapayagan

TRABAHO SA TANGGAPAN NG PAMAHALANG BAYAN	Full Operational
FACE-TO-FACE CLASSES <i>* Ibabase sa deklarasyon ng DepEd, CHED at TESDA</i>	Hindi Pinapayagan
QUARANTINE PASS <i>* 1 bawat pamilya</i>	Patuloy ang Paggamit
MARKET DAY • RED Quarantine Pass Lunes-Miyerkules-Biyernes • WHITE Quarantine Pass Martes-Huwebes-Sabado	Patuloy ang Pagpapatupad 5:00AM-5:00PM Alternate/14 Barangays
MARKET DISINFECTION DAY	Patuloy ang Pagpapatupad Linggo/1:00PM-5:00PM
BUSINESS ESTABLISHMENTS: Puregold, Mercury Drug, Fred & Del, Alfamart, Seven Eleven (7/11), GT7 Mall and the like <i>*based on employer recommended time</i> <i>*required mandatory health protocols</i>	Pinapayagan Lunes-Linggo 5:00AM-8:00PM
BARANGAY SARI-SARI STORE & OTHER BUSINESS ESTABLISHMENTS	Pinapayagan Lunes-Linggo 5:00AM-8:00PM
PANADERYA, FOOD STALLS, KARINDERYA AND OTHER FOOD SERVICES/DELIVERIES <i>*Only for take-out and delivery</i> <i>*Dine-in is based on DTI Issuances on Health Protocols</i>	Pinapayagan Lunes-Linggo 50% Capacity 5:00AM-8:00PM
PUBLIC TRANSPORTATION: Tricycle <i>*Modified/1 lamang ang sakay</i> <i>*Observed Health Protocols</i>	Pinapayagan
Kolong Kolong and the like	Pinapayagan 50% Capacity of Passenger
Motorcycle, E-Bike and Bicycle <i>* with back ride and compliance w/ DOTr rules</i>	Pinapayagan
Jeep <i>*Modified/50% lamang ang sakay</i> <i>*Observed Health Protocols</i>	Pinapayagan
PRIVATE TRANSPORTATION: Car, Van, Coaster and the likes <i>*buying essentials/basic necessities</i> <i>*Emergency cases</i> <i>*Delivery Services of Essentials</i> <i>*Service of Essential Workers/ Frontliners/APOR</i> <i>*Observed Health Protocols</i>	Pinapayagan
CURFEW PROVINCIAL ORDINANCE NO. 87-2020 PENALTY: P1,000 – P5,000 and/or Imprisonment of no less than 1 month nor more than 2 months <i>*Roaming/loitering/wandering in public places for all unauthorized persons is strictly prohibited</i> <i>* Exemption: APOR, provided they presented the necessary company ID and/or business permit.</i>	Ipinagbabawal na Oras 8:00PM-5:00AM
LIQUOR <i>Refer to Executive Order No. 28</i>	Pinapayagang Oras 12:00PM-3:00PM

Buying, selling, distribution, transport and drinking of intoxicating beverages	
PUBLIC GATHERINGS <i>* Government, religious and other mass gatherings</i>	Pinapayagan Hanggang 10 tao lamang
FACE MASK & FACE SHIELD <i>New IATF Rules</i> <i>*Pampublikong Lugar at Transportasyon</i>	Mahigpit na Pagpapatupad
BOARDERS CONTROL CHECK POINTS <i>*Barangay Boundary/Bulakan Entry Point</i>	Patuloy ang Pagpapatupad Barangay/PNP
FUNERAL WAKES: Suspected & Covid Positive	Cremation w/in 12 Hours
Non-Covid Positive	Internment w/in 3 days
TRAVEL PASS <i>*May obtain in the Barangay (certification), RHU (14 day quarantine) and PNP (travel pass).</i> <i>* Papasok at palabas ng bayan ng Bulakan kinakailangang may ipiprisintang Health Certificate of 14-Day Quarantine</i>	Pinapayagan
AGRICULTURE FOOD PASS <i>* Must be obtained at the Agriculture's Office</i>	Pinapayagan
CONSTRUCTIONS: Public/Government Essential Projects	Pinapayagan with DPWH Authorization
Private Construction <i>* Must be obtained at the Engineering's Office</i>	Pinapayagan with DPWH Authorization
Small scale project <i>* Must be obtained at the Engineering's Office</i>	Pinapayagan
SPORTS AND OTHER FORMS OF EXERCISE Walking, jogging, running, biking and other non-contact sports	Pinapayagan w/ minimum health standards
GAMBLING	Hindi Pinapayagan
ALLOWED AND DISALLOWED ACTIVITIES & BUSINESS:	Refer to CATEGORY I, II, III & IV of Community Quarantine EOs and DTI Issuances
Internet and Computer Shops <i>*For work/school activities only</i>	Pinapayagan 50% workers w/ DTI health standards
Salon, Barber Shop <i>*gupit lamang</i>	Pinapayagan 50% workers w/ DTI health standards

TUNTUNIN 2. PANUNTUNAN SA LAHAT NG ESTABLISYIMENTO. Bukod sa alituntunin ng mga establisyimento at tanggapan sa ilalim ng DTI-DOLE, DOTr and DPWH Interim Guidelines on Workplace Prevention and Control of Covid-19 ay marapat na sundin ng mga may-ari ang mga sumusunod na gawain para sa health protocol ng DOH:

1. Pagpapanatili ng physical distancing
2. Mga pamantayan para sa kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawa (thermal scanner, face mask, face shield, alcohol, hand washing at iba pa);
3. Tamang pangangasiwa ng mga asymptomatic at symptomatic na manggagawa;
4. COVID-19 Testing (kung kinakailangan);

5. Pagbuo ng Lupon sa loob ng tanggapan para sa Occupational Health Safety;
6. Tamang pag-uulat ng resulta ng COVID-19 test ng kanilang manggagawa sa RHU;
7. Pagsasagawa ng Disinfection at Closure sakaling may nagpositibong manggagawa; at
8. Pagbibigay ng benepisyo gaya ng leave of absences.


TUNTUNIN 3. PAGPAPATUPAD. Ang Himpilan ng Pulisya (PNP Bulakan), mga Punong Barangays, ang Pambayang Tanggapan ng Kalusugan (RHU) kasama ang Municipal Inter-Agency Task Force COVID-19 at Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) ay inaatasang ipatupad ang nilalaman ng Kautusang ito.

TUNTUNIN 4. PAGLABAG AT KAPARUSAHAN O PENA. Ang sinumang tao o mga may-ari ng establisyimiento na napatunayang lumalabag sa probisyon ng kautusang ito ay may kaparusahang tulad sa mga itinakda na nakapaloob na Ordinansang Pambayan, o di kaya ay iendorso sa lokal na kapulisan dahil sa paglabag sa mga pambansang batas o kautusan sa panahon ng pandemya.

TUNTUNIN 5. SUGNAY NA NAGBUBUKLOD. Ang anumang kautusan o polisiya ang ilathala ng Pamahalaang Panlalawigan, Pamahalaang nasyunal ay ginagawang bahagi ng atas na ito. Gayundin, ang mga pinagtibay na Pambayang Kautusan ng Sangguniang Bayan ng Bulakan patungkol sa COVID-19 pandemic;

TUNTUNIN 6. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

PINAGTIBAY ngayong ika-31 ng Agosto, 2020 sa Bayan ng Bulakan.



VERGEL C. MENESES
Punong Bayan